



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
BAYAN NG BULAKAN



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG EHEKUTIBO BLG. 2021 – 09

Serye 2021

KAUTUSANG NAG-AATAS NG LUBOS NA PAGTALIMA SA MGA ALITUNTUNING IIRAL MULA MARSO 22 HANGGANG ABRIL 17, 2021 LABAN SA PATULOY NA PAGLAGANAP NG COVID-19 SA BAYAN NG BULAKAN.

SAPAGKAT, pinangangambahang lumobo ang kasalukuyang bilang na dalawampu't dalawang (22) aktibong kaso ng COVID-19 sa bayan ng Bulakan base sa ulat na isinumite ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan noong Marso 17, 2021 na nasa Barangay Matungao, San Francisco, Bambang, San Nicolas, Tibig, Bagumbayan, Perez, Pitpitan, Balubad, Maysantol, Sta. Ines at San Jose;

SAPAGKAT, mahigpit ang natanggap na atas ng Pamahalaang Bayan ng Bulakan at Himpilan ng Pulisya buhat sa Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG) may petsang Marso 16, 2021 at Executive Order No. 8 ni Punong Lalawigan, Igg. Daniel R. Fernando na ipatupad ang paghuli sa mga lumalabag sa kwarantina at sa minimum health standards sa nasasakupan ng bayan ng Bulakan;

SAPAGKAT, mahalaga ang agarang paghahanda at pag-iingat sa mamamayan upang masugpo ang paglaganap ng sakit na COVID-19 at mapigil na makapasok sa bayan ng Bulakan ang mas delikadong new variant of SARS-CoV-2 (B.1.1.7 or VUI 2020/12/01) na lumalaganap sa United Kingdom of Great Britain at Northern Ireland, at isa pang variant na natukoy sa South Africa (501.V2);

SAPAGKAT, sa bisa ng Proclamation No. 929 ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang bansang Pilipinas ay sumailalim sa "State of Calamity" at Presidential Proclamation No. 1021 na nagpapanatili nito hanggang Setyembre 21, 2021 dahil sa banta ng 2019 Novel Coronavirus;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, PUNONG BAYAN NG BAYAN NG BULAKAN, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod na panuntunan:

Tuntunin 1. PAGSUNOD SA "MANDATORY MINIMUM PUBLIC HEALTH STANDARDS". Mahigpit na pagsunod sa pagpapanatili ng physical distancing, mga pamantayan para sa kaligtasan at kalusugan paggamit ng thermal scanner, face mask, face shield, alcohol, paghuhugas ng kamay, etiketa sa pag-ubo, at iba pang pag-iingat na dapat gawin sa loob ng establisyimento o nasa labas. (*Provincial Ordinance No. 84-S'2020*)

Tuntunin 2. PAGESUNOD SA CURFEW. Ang "curfew hours" sa bayan ng Bulakan ay mula ika-11:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga ng susunod na araw, na kung saan ipinagbabawal ang paglabas ng mga mamamayan, maliban kung emergency cases, mga kabilang sa Authorized Persons Outside of Residence (APOR) at mga nagtatrabaho sa mga pinapayagang bukas na industriya; na kung saan maipapakita ang pagkakakilanlan at iskedyul sa trabaho. (*Provincial Ordinance No. 88-S'2020*)

Tuntunin 3. PAGPATUPAD NG LIQUOR BAN. Ang pagbebenta, pagbili, pagdadala at pag-inom ng nakalalasing na inumin ay mahigpit na ipinagbabawal sa pampubliko at pampribadong lugar hanggang Abril 17, 2021.

Tuntunin 4. KABILANG SA MGA IPINAGBABAWAL. Ini-adopt sa Tuntuning ito ang pangkalahatang ipinagbabawal ng IATF sa panahon ng Modified General Community Quarantine (MGCQ), at mas binibigyang diin ang sumusunod sa gawain:

1. Paglabas sa tahanan ng 15 taon pababa at 65 taon pataas (IATF Resolution)
2. Paglalaro ng mga Contact Sports.
3. Walang health protocols sa mga sasakyang pampubliko.
4. Pagbubukas ng mga establisyimentong hindi muna pinapayagan ng DTI na magbukas.
5. Lampas sa 50% capacity of venue para sa events place, bahay dalanginan, pamilihang bayan, bangko, restaurant/carinderya at iba pang establisyimentong laan sa *basic necessities*.

Tuntunin 5. PAGDARAOS NG KUWARESMA (HOLY WEEK). Ang mga sumusunod na panuntunan ang ipatutupad mula ika-31 ng Marso hanggang ika-4 ng Abril, 2021 sa panahon ng Kuwaresma (Holy Week):

5.a. Paghihigpit Base sa Rekomendasyon buhat sa Municipal Health Office

1. **Municipal Entry Points/Control Points.** Pangungunahan ng Himpilan ng Pulisya katuwang ang mga Opisyal ng Barangay sa pagbabatay sa mga entry point ng Bayan ng Bulakan na nasa Barangay Talipit, Matungao, San Francisco at Pitpitan, upang suriin ang mga nanggaling sa Metro Manila at iba pang lugar na nasa ilalim ng General Community Quarantine (GCQ) dala ang:
 - 1.1. Medical Certificate or Clearance of Non-COVID buhat sa Health Officer ng pinanggalingang lugar, walang sintomas ng suriin
 - 1.2. Nagsasaad ng two days validity
 - 1.3. Pangalan, edad, tirahan at lugar na pupuntahan sa loob ng Bulakan.
2. **Planned Mass Gatherings.** Ang pagdaraos ng pagtitipon na hindi nakakuha ng permiso sa Municipal AITF bago idaos ang nakaplanong okasyon, kung saan nakasaad ang floor plan at mga guidelines ng okasyon ay hindi pinapayagan.

5.b. Para sa lahat ng Bahay Sambahan, Dalanginan at Iba pa

1. Online Streaming ang pagdaraos ng Misa o Pananalangin at iba pang gawaing pang Simbahan na limitado sa Pari o Pastor, Sakristan, at/o kawani para sa live streaming.
2. Pagtalima sa Health Protocols sa lahat ng gawain sa panahong ito.
3. Pagsasagawa ng sanitation bago at matapos ang gawain.
4. Pagbabawal ng pagpepenetensya at iba pang kauri ng pagsasakripisyo.

5. Ipinagbabawal ang exhibits, Visita Iglesia at iba pang kauri nitong gawain na lalabas ng tahanan.
6. Pinapayagan ang pagdaraos ng Pabasa kung magkakapamilya at idaraos sa loob ng tahanan.
7. Ang pagpuprusisyon ay maaaring payagan kung nakasakay at hanggang dalawang sasakyan lamang.


Tuntunin 6. PAGPAPATUPAD. Ang Himpilan ng Pulisya (PNP Bulakan), mga Punong Barangays, ang Pambayang Tanggapan ng Kalusugan (RHU) kasama ang Municipal Inter-Agency Task Force COVID-19 at Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) ay inaatasang ipatupad ang nilalaman ng Kautusang ito.

Tuntunin 7. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng establisyimiento na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay may kaparusahang tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya.

Tuntunin 8. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD. Ang anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang nasyunal ay ginagawang bahagi ng atas na ito. Gayundin, ang mga pinagtibay na Pambayang Kautusan ng Sangguniang Bayan ng Bulakan patungkol sa COVID-19 pandemic;

Tuntunin 9. PAGKAKABISA. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

Nilagdaan ngayong ika-18 ng Marso, 2021 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan